Ang Talinghaga ng mga Punong Olibo (Jacob 5)

Unang Pagdalaw
Bago Dumating si Cristo (mga talata 3–14)

Nakita ng Diyos ang pag-apostasiya ng sinaunang Israel. Nagsugo Siya ng mga propeta para ipangaral ang pagsisisi, ngunit iilan lang ang nakinig. Pinayagan Niyang malipol ang masasama at pinapasok ang mga Gentil. Ikinalat ang ilang mabubuting sanga ng Israel sa iba't ibang dako ng mundo.

Ang likas na punong olibo (Israel) ay nabubulok (mga talata 3–4). Nagpungos at naglagay ng pataba ang panginoon [ng olibohan]; umusbong ang ilang bagong sanga, ngunit natutuyot o nabubulok pa rin ang pinakatalbos (mga talata 4–6)

Pinutol ang mga punong sanga, at inihugpong ang mga ligaw na sanga; itinago ang mga murang sanga (mga talata 7–14)

Sinunog ang mga sangang natuyot (mga talata 7, 9)

Ligaw na punong olibo (mga Gentil; mga talata 7, 9)

Ikalawang Pagdalaw
Pagdating ni Cristo (mga talata 15–28)

Sa paglaganap ng Simbahan ni Cristo, nagkaroon ng mabuting bunga ang Israel at ang karamihan ng ikinalat na mga sanga nito.

Mabuting bunga (mga talata 15–18)

Tigang na lupa; mabuting bunga (mga talata 20–22)

Mas tigang na lupa, mabuting bunga (talata 23)

Bunga (talata 24; hindi na muling nabanggit ang sanga)

Mainam na lupa; mabuti at masamang bunga (talata 25)

Ikatlong Pagdalaw
Ang Malawakang Apostasiya (mga talata 29–49)

Lahat ng bunga ay nangabulok, kabilang na ang mga likas na sangang ikinalat.

Masamang bunga, ngunit mabuti pa rin ang mga ugat (mga talata 29–37)

Masamang bunga (mga talata 39, 46)

Masamang bunga (mga talata 39, 46)

Masamang bunga (mga talata 39, 46)

Ikaapat na Pagdalaw
Ang Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo (mga talata 50–76)

Tinipon ang ikinalat na Israel, at inihatid ang ebanghelyo sa buong mundo. Sa paglago ng kabutihan, nilipol ang masasama hanggang sa wala nang natirang kasamaan (ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo).

Ang mga sanga ng orihinal na puno ay inihugpong sa ikinalat na mga puno (mga talata 54–56)

Sinunog ang ligaw na mga sanga (mga talata 58, 65–66)

Ang mga sanga ng ikinalat na mga puno ay muling inihugpong sa orihinal na puno (mga talata 52–53)

Ang Milenyo
(mga talata 76–77)

Namayani ang kabutihan. Kapag muling nagkaroon ng kasamaan sa mundo, ihihiwalay ng Diyos ang mabubuti sa masasama at lilinisin ang mundo sa pamamagitan ng apoy.

Lahat ng puno ay naging isang kumpol at nagkaroon ng likas na bunga (mga talata 74–76)

Titipunin ang mabubuting bunga at susunugin ang olibohan (talata 77)